TOMO 10 BILANG 3 | ISSN NO. 2599-5405 | MARSO 2023

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

## LAKBAY-ARAL, ISINAGAWA NG GRUPO NG MFIS PARA SA MEDIA

*ni Edrian Banania*



*Bilang tagataguyod ng adbokasiya ng microfinance institutions (MFIs), dumalo ang media practitioners mula sa iba't ibang dako ng Pilipinas sa isang media briefing na inorganisa sa Legazpi City, Albay noong Marso 22, 2023.*

Sa pagkakaisa ng *microfinance institutions* (MFIs) kabilang ang CARD Bank, Inc., Center for Agriculture and Rural Development, (CARD), Inc. (A Microfinance NGO), People Alternative Livelihood Microfinance ng Sorsogon, Inc. (PALMFSI), at SEDP-Simbag sa Pag-asenso, Inc. (A Microfinance NGO), naisagawa ang isang media lakbay-aral sa Legazpi City, Albay noong Marso 20-22, 2023. Kasama din sa dumalo ang mga kinatawan ng CARD Mutual Benefit Association, CARD MRI Publishing House, at CARD MRI Hijos Tours.

Ang isinagawang lakbay-aral ay isang programang naglalayong mabigyan ng pagkakataon ang *media practitioners* na magkaroon ng kaalaman sa *microfinance* at *microinsurance industries* upang mas lubos nilang maunawaan ang layunin nitong pagpapaunlad ng pamumuhay ng pamilyang Pilipino. Sa kanilang mas malalim na pagkakaunawa, matutulungan ng mga tao sa media na mas ipakilala pa ang kontribusyon ng industriya sa publiko.

"Lagi naming kinikilala ang kahalagahang ng mahusay na pagbabalita. Sa tulong ng ating mga *media partners*, mas lubos nating maipapakila ang misyon at ipinaglalaban ng ating industriya lalo't higit para sa mga taong namumuhay sa laylayan ng lipunan," ani Ms. Marilyn M. Manila.

Ang nasabing lakbay-aral ay dinaluhan ng *media practitioners* na sina Palma Pearl Mabini ng Radio Natin Calapan; Grace Saron ng Mindanao Times mula sa Davao City; Madelaine Marasigan ng Tribune Post at Susan Crisostomo ng Laguna Express mula sa San Pablo City; Rose Anne Sibag ng DZJV-Calamba; Raffy Butch Bacaoco ng Negros Daily Bulletin; Luisito Angeles ng PAPER PH at Bonifacio Dacayanan ng Facts and Figures Weeklynews mula sa Tarlac City.

Bilang bahagi ng programa, binisita ng mga kalahok ang ilang kliyente at operasyon ng *microfinance institutions* tulad ng CARD Bank, at SEDP-Simbag sa Pag-asenso, Inc. (A Microfinance NGO). Inalam nila kung paano isinasagawa ang kani-

2

## CMIT, LUMAGDA SA ISANG CLOUD PROJECT CONTRACT SA TIM

*ni Edrian Banania*

Ang CARD MRI Information Technology (CMIT), ang pangunahing *technology service provider* ng CARD MRI, ay lumagda sa isang *cloud project contract* kasama ang Total Information Management (TIM), ang opisyal na *data center service partner* ng CARD MRI sa Casa San Pablo City, Laguna noong Pebrero 16, 2023.

Ang pangulo ng CMIT na si Edgar V. Cauyan at ang pangulo ng TIM na si Sunver Z. Bastes ang siyang kumatawan sa pagpirma

2

**KWENTONG TAGUMPAY**

## PANGARAP NA PAG-UNLAD

*ni Harlene Reyes*

Sa araw-araw nating pakikibaka, karamihan sa ating mga Pilipino ay katuwang ang bag bilang sisidlan ng ating mga kinakailangang gamit. Dahil sa mataas na pangangailan dito ng mga

4

Basahin ang isyung ito upang manalo ng **₱50.00** load via konek2CARD!

**Saan idinaos ang Barrio Fiesta para sa mga Agency Staff ng CARD MRI?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



# LAKBAY ARAL, ...

1

kanilang *center meeting* sa komunidad. Mas nakilala pa nila ang mga institusyong ito sa kanilang ginawang pagbisita sa mga kliyenteng natutulungan ng mga ito. Kanila ring nakita ang ilan pang inisyatibo ng mga ito tulad ng programang Koa Kafe at Pamaagi ng CARD MRI. Gayundin, napamalas ang husay at galing ng mga microfinance clients sa paggagawa ng mga produkto sa pamamagitan ng pagbisita sa SEDP Community Store.

Nagkaroon din ang mga nagsipaglahok ng pagkakataong makilala ang probinsya ng Albay sa pamamagitan ng pagdalo sa Legazpi Eco AdvenTour ng CARD MRI Hijos Tours.

Upang mas higit na maproseso ang kanilang mga natutuhan sa dalawang araw na paglalakbay, dumalo rin sila sa isang *media briefing*. Ito ay pinangunahan ng mga kinatawan mula sa iba't ibang kalahok na MFI at *microinsurance institutions* na sina: CARD Bank AVP for Operations Clarita Mercado, CARD Bank Legazpi Regional Director Joseph Labastida, CARD, Inc. AVP for Operation Samuel Tumbano, CARD, Inc. Regional Director Argel Cabuhal, CARD MBA Deputy Director for Operations Francis Montilla, CARD MBA Senior Operations Director Oliver Reyes. Kasama rin sa *media briefing* ang kinatawan ng SEDP na sina Social Media Specialist Martin Ballon at RDSM Unit Officer Ella Gozano; mga kinatawan ng PALMFSI na sina Livelihood Program Officer Daisy Gianan at Business Development Proram Officer Cristina Maturan. Dito ay nabigyan ng pagkakataon ang bawat MFI na ipakilala ang kani-kanilang grupo, lalo na ang kanilang mga produkto at serbisyo, at ang kanilang misyon at tungkulin sa paglaban sa kahirapan.

Sa mga darating na buwan ngayong taon ay muling magsasagawa ng iba pang Media Lakbay-Aral upang mas higit pang ipakilala ang kwento at epekto ng industriya ng *microfinance* at *microinsurance* sa bansa.

## CMIT, LUMAGDA SA ...

1




*Sa layuning makamit ang pinakamahusay na mga serbisyo ng data center, ang kontratang Cloud Project ay nilagdaan nina CMIT President Mr. Edgar V. Cauyan (harap sa kanan) at TIM President Mr. Sunver Z. Bastes (harap sa kaliwa), magkasama. kasama ang TIM Senior Account Manage rMs. Kristine Gene G. Dy (likod-kaliwa) at TIM Vice-President para sa DCS-Sales na si G. Edgar R. Gutierrez (likod-kanan).*

ng kontrata. Dumalo rin sa paglagda sina CMIT Vice President for Corporate Governance Leyne G. De Galicia, CMIT Chief Technology Officer Jigger M. Caneo, CMIT Deputy Director for Data Service Operations Alden P. Arban, CMIT Chief Information Security Officer Arman B. Peñafiel, CMIT Deputy Director for Technical Services Ervin de Torres, TIM Sr. Operations Director Maria Ruby R. Yu, FSI Sales Director Michael M. De Guzman, TIM Vice-President for DCS -Sales Edgar R. Gutierrez, TIM Senior Account Manager Kristine Gene G. Dy at iba pang opisyal ng CMIT at TIM.

"Ang aming pakikipagtulungan sa TIM ay isang hakbang tungo sa pagkamit ng matatag na *business productivity* at maabot ang *optimal business performance* ng CARD MRI," ani Cauyan. Ang *cloud project* ng CMIT kasama ang TIM ay nagbibigay-daan sa CARD MRI para sa napakalaking *cloud-based data storage*.

Gayundin, ibinahagi ni TIM President Sunver Z. Bastes na ang TIM ay palaging nagsusumikap na makapaghatid ito nang

3

## BARRIO FIESTA, IDINAOS PARA SA AGENCY STAFF NG CARD MRI SA ALBAY

*ni Josephine Ramos*

Upang bigyan ng pagpupugay ang masisipag na *agency staff* ng CARD MRI tulad ng *utility*, *driver*, at *security guard* na nagiging katuwang ng CARD MRI sa pagpapabilis ng transaksyon at pagpapanatiling ligtas ang komunidad ng organisasyon, nagsagawa ang CARD MRI ng Barrio Fiesta sa Daraga, Albay noong Marso 19, 2023.

Ang nasabing aktibidad ay isang *thanksgiving party* para sa patuloy nilang paghahatid ng kanilang mahuhusay na serbisyo sa CARD MRI. Ang mga nagsipagdalo ay mula sa buong rehiyon ng Bikol. May kabuuang 128 indibidwal ang dumalo sa nasabing pagtitipon kung saan kasama ng mga *agency staff* ang kanilang pamilya na nakisaya sa isang araw na pagtitipon na ito.

Pinangunahan ng CARD MRI HIjos Tours, CARD MRI Publishing House, CARD MRI Property Management, Inc., at Mga Likha ni Inay ang pagtitipon na ito kung saan isinagawa ang iba't ibang palaro para sa mga nagsipagdalo. Ito ang pagkakataon upang mabigyan sila ng masayang pahinga mula sa kanilang mga responsibilidad sa institusyon.

Nagtayo rin ng maliliit na *stalls* ang mga kliyente ng CARD upang makapagbenta ng kanilang mga produkto tulad ng mga kakanin at *street foods*.

Naging *highlight* din ng kasiyahang ito ang paggawa ng pinangat, isang kilalang pagkain sa rehiyon. Ito naman ay pinangunahan ng isang *supplier* na Hijos Tours na kilala sa paggawa ng nasabing putahe.

Nakiisa naman sa kasiyahan ang Founder and Chairman Emeritus ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle Alip. Ayon sa kanya, "Hindi makaaabot kung nasaan man ngayon ang CARD MRI kung hindi dahil sa mga taong nasa likod nito." Siya rin ay umaaasa na sa munting kasiyahan ay naiparamdam sa kanila ng CARD ang kanilang importansya sa organisasyon. Umaasa rin si Dr. Alip na ang ganitong klase ng pagkakataon ay

3

## CMIT, LUMAGDA SA ... 


2

mahusay na serbisyo. "Palagi kaming nakikinig at natututo mula sa aming mga kasosyo at kliyente. Sa ugnayang ito, tinitiyak namin na ang CMIT ay mabibigyan namin ng dekalidad na *business solutions*, mga serbisyo sa *cloud data*, at seguridad na lubos na mahalaga sa tagumpay ng buong CARD MRI."

Ang CMIT ay itinatag noong 2010 upang bumuo ng isang institusyong may kakayahang solusyunan ang pangangailangang serbisyong pang-IT ng mga institusyong ng CARD MRI.

Samantala, naghahatid ang TIM ng mga business solutions, *end-to-end IT infrastractures*, at mga serbisyong nagbibigay-daan sa mga kompanya na makamit ang pinakamahusay na *business performance* nito.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang opisyal na *website* nito sa https://www.cardmri.com/cmit/.




## BARRIO FIESTA, IDINAOS ...

2



*Nakiisa sa islang pinangat cooking demo ang mga agency staff ng CARD MRI sa isinagawang Barrio Fiesta para sa kanila at sa kanilang pamilya.*

makalilikha nang mas matibay na koneksyon sa kanilang lahat hanggang sa maabot ang misyon ng CARD MRI na wakasan ang kahirapan sa bansa.

Kasabay ng Barrio Fiesta ay nagkaroon din ng munting handog ang CARD MRI Publishing House para sa mga anak ng mga *agency staff*. May kabuuang 23 mga bata ang nakilahok sa *coloring activity* nito. Ang *coloring book* at ang kwento ng Ang Lapis ni Anya ang inihandog sa mga bata kung saan tinuruan ang mga ito sa wastong paggamit ng *gadgets* at ang kahalagahan ng pagbibigay ng prayoridad sa mga kabataan. Matapos ang aktibidad ay nakatanggap din ang mga bata ng Koa *stuffed toy* at *coloring kit*. Muling isasagawa ang Barrio Fiesta sa iba pang rehiyon sa bansa upang kilalanin at bigyang pagpupugay ang iba pang *agency staff* ng CARD MRI sa mga nasasakupan nitong rehiyon.

# BUKAS PARA SA LAHAT

***Alamin ang mga bagong lokasyon ng mga opisina ng CARD MRI sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas.***

CARD MBA

### CARD MBA, nagbukas ng bagong provincial office

Nagbukas ng dalawang panibagong *provincial office* (PO) ang CARD MBA sa P1 Poblacion, Nabunturan, Davao De Oro at Brgy. Payompon, Mamburao, Occidental Mindoro noong Marso 6 at 17, 2023. Ang nasabing pagbubukas ay tugon ng Asosasyon upang makapaghatid nang mas malawak at abot-kayang seguro at mabilis na serbisyo sa mga miyembro at kapamilya nito sa mga nasabing lalawigan. Sa ngayon, ang CARD MBA ay nagbibigay seguro sa mahigit 24 milyong Pilipino sa pamamagitan ng 85 PO nito sa buong bansa.

BotiCARD Pharmacy

### BotiCARD Pharmacy sa Tagum City, lumipat na

Lumipat na ang sangay ng BotiCARD Pharmacy sa Tagum City sa bago nitong lokasyon na mamatagpuan sa Prk. Malinawon II, Lapu-Lapu Street, Magugpo Poblacion, Tagum City. Hinangad nito na patuloy na makapagbigay ng produkto at serbisyong pangkalusugan sa mas malawak na publiko.

CARD MRI Information Technology Inc. CMIT 2010

### CMIT, nagbukas ng extension office sa ika-13 nitong annibersaryo

Nagbukas ang CMIT ng kauna-unahang *satellite office* nito sa San Pablo City, Laguna kasabay ng ika-13 anibersaryo nito. Ang bagong opisina ay magiging tahanan ng *research* and *development team* nito na siyang magbibigay nang mahuhusay na sistema ng CARD MRI na makatutulong sa pagpapalakas ng komunidad sa bansa.

***nina Josephine Ramos/Harlene Reyes***

KWENTONG TAGUMPAY

## PANGARAP NA...

1



*Sinisigurado ni Daisy Buncag na mahusay ang kalidad ng kanilang tinatahing bag.*

estudyante, manggagawa, at iba pang simpleng mamamayan, isa sa mga ginawa itong negosyo ay ang mag-asawang Jeffrey at Daisy Buncag mula sa Dinalupihan, Bataan.

Tulad ng karaniwan, hindi madali ang naging pamumuhay ng pamilya Buncag. Nakaranas si Jeffrey nang mahirap na karanasan mula sa kanyang kabataan na nais na niyang hindi na maranasan ng kanyang apat na anak. Dahil dito, nagsumikap siyang maitaguyod ang kanyang pamilya. Pinag-aralan niyang mabuti ang pananahi. Nang makakuha nang sapat na kaalaman at karanasan, nagsimula siyang magtayo ng sarili niyang patahian.

Marami mang hindi naniniwala sa kanyang nais na negosyo, ipinagpatuloy niya ang pananahi kasama ang kanyang asawa noong taong 2000. Mayroon lamang siyang isang makina. Si Jeffrey ang gumugupit at nananahi, samantalang ang kanyang asawa ang siyang sumusuri sa kalidad ng mga natahing *bag.*

Ang unang bag na kanilang ginawa ay *school bags* ngunit nanahi na rin sila ng iba't ibang uri ng bag upang mas mapalaki pa nila ang kanilang benta. Mula sa kanyang unang 500 bag na naibenta sa Mariveles, Bataan, nagsimula ang paglago ng kanilang negosyo.

Sa paglaki ng *demand* ng kanilang tinatahing bag, kinapos ang mag-asawa sa kapital. Dito nila naging katuwang ang CARD, Inc. Nakatulong ang institusyon upang punan ang kinakailangan nilang kapital upang magpatuloy ang operasyon ng kanilang patahian. Ngayon, hindi na sila nag-aalala kapag mayroong bultuhang *order* silang natatanggap dahil may maaasahan na silang institusyon na tutulong sa kanilang pampinansyal na pangangailangan.

Mula sa isang makina, ngayon ay may 16 anim na siyang makina at anim na mananahii. Ayon kay Jeffrey, ang tagumpay ay hindi nangyayari sa isang magdamag. Isa sa mga natutuhan ko na dapat gawing motibasyon sa buhay ang pangarap; samahan pa ng pagsusumikap, ito ang magdadala sa katuparan ng mga ito."







SULONG
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund G. Centeno
Editor-in-Chief

Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Berwyn Lloyd D. Buenaseda
Medel E. Valencia
Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Writers